

Hunyo 4, 2020  
TAGAPAGPAGANAP 2020-41

KAUTUSANG

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP TUGON SA COVID-19**  
**(COVID-19 KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 39)**

**SAPAGKAT**, ang Coronavirus 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois sa isang maikling panahon, na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at mga lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa pagtaas ng kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay kumakalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpasa ng virus, at sa kasalukuyan ay wala itong epektibong paggamot at bakuna; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 9, 2020, ako, JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay ipinahayag na lahat ng kondehan sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna bilang pagtugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 1, 2020, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad dahil sa mabilis na pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2020, dahil sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang mga nagresultang epekto sa kalusugan sa buong Estado, pati na rin ang pangangailangan upang matugunan ang mga potensyal na kakulangan ng mga kama ng ospital, mga kama ng ICU, mga makinang tulong sa paghinga, kagamitan para sa personal na proteksiyon at mga materyales para sa pagsubok para sa virus, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 29, 2020, dahil sa libu-libong buhay na nawala sa COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na pagtaas ng mga kaso, ang patuloy na banta ng mga kakulangan sa mga kama sa ospital, kama sa ER, at mga makinang tulong sa paghinga, ang pinabuti ngunit hindi pa rin sapat na kapasidad sa pagsubok, at ang pinansyal na pagbagsak na dulot ng virus, muli kong idineklara ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad (kasama ang mga naunang proklamasyon na nakilala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang Gubernatorial Disaster Proclamations); at,

**SAPAGKAT**, kinakailangan at nararapat para sa Estado ng Illinois na magpatuloy na gumawa ng agaran at makabuluhang mga hakbang upang maiwasan o mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at protektahan ang kalusugan ng publiko sa pagsiklab ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-38 ay ipinag-uutos ang pagkakaroon ng distansya sa kapwa, pagsusuot ng mga takip sa mukha sa mga pampublikong lugar, at paglilimita sa mga pagtitipon sa sampung tao o mas kaunti; at,

**SAPAGKAT**, ang Sports Wagering Act, 230 ILCS 45/25-30(f), 25-35(f), at 25-40(i) ay nangangailangan na ang mga indibidwal ay personal na lumikha ng isang account sa pagtataya sa sports sa isang pasilidad na awtorisado alinsunod sa Batas; at,

**SAPAGKAT**, dahil sa mga iniaatas na pagpapanatili ng distansya sa kapwa na inilagay upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko, at dahil ang umiiral na mga lisensyadong pasilidad sa pasugalan ng casino na awtorisado alinsunod sa Sports Wagering Act ay isinara sa publiko mula noong Marso 16, 2020 at muling bubuksan lamang kapag ligtas na gawin ito alinsunod sa plano ng Pagpapanumbalik ng Illinois, ang mga residente ng Illinois ay maaaring hindi pumunta nang personal sa isang lisensyadong casino;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(8), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, inuutos ko ang mga sumusunod, epektibo sa Hunyo 4, 2020:

Seksyon 1. Sa buong panahon ng Gubernatorial Disaster Proclamations, ang mga probisyon sa Sports Wagering Act, 230 ILCS 45/25-30(f), 25-35(f), at 25-40(i), na nangangailangan ng personal na paglikha ng isang account sa pagtataya sa sports sa isang pasilidad na awtorisado alinsunod sa Batas upang lumahok sa pagtataya sa sports na inaalok sa pamamagitan ng internet o sa pamamagitan ng isang mobile application, ay suspendido.

Seksyon 2. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay hindi wasto ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring tapusin.

---

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Hunyo 4, 2020  
Isinampa ng Kalihim ng Estado Hunyo 4, 2020